

1. Tungkol sa Paghahanda sa Pagbabakuna Laban sa Covid-19

Sa lungsod ng Tochigi ay isinasagawa na ang paghahanda para sa pagbakuna laban sa Covid-19. Ang detalye tungkol dito ay ihahayag sa lalong madaling panahon. Pansamantala, ang sitwasyon nitong unang araw ng Pebrero lamang ang ipapaalam sa mga sumusunod:

Una, uumpisahan ang pagbabakuna sa mga may edad na 65 anyos pataas dahil sila ang may mataas na panganib na magkaroon ng malubhang karamdaman. At mula rito ay unti-unting palalawigin ang bilang ng puntiryang babakunahan. Walang bayad ang pagpapabakuna at ito ay nakatakdang ibigay ng dalawang beses. Bilang karagdagan, naka pokus pansamantala ang pagbibigay ng bakuna sa mga grupo o samahan at ito ay naka-iskedyul ng gawin sa mga pasilidad ng lungsod.

Ang vaccination ay gagawin sa pamamagitan lamang ng reservations. Ito ay maaring gawin sa paraan ng pagtawag sa telepono o reservation sa internet.

Makakatanggap din ng Vaccination Ticket galing sa munisipiyo sa mga susunod na mga araw. Kaya dapat sagutan ito at gumawa ng appointment sa pagpapabakuna.

Sa umpisa ng Marso ay magtatalaga ng isang “call center” na ang layunin ay magbigay konsultasyon at magpareserve sa vaccination at kapag naihanda na ito ay ipapaalam ito sa Tochigi Information (isang pahayagan) ganundin sa website ng lungsod.

Bilang paalaala muli, ang pagbibigay bakuna ay libre. Ito ay binayaran na ng gobyerno para sa atin. Wala rin bayad na reservation fees. Maging maingat sa mga mapaglinlang o scammers.

2. Tungkol sa Pagbubukas ng mga ibang Tanggapan sa Munisipiyo sa Araw ng Linggo.

Sa mga araw ng Linggo sa buwan ng Marso at Abril na kung saan ay inaasahan ang maraming maglilipat ng trabaho at papasukang eskwelahan sa dalawang nasabing buwan ay bubuksan ang ilang counters ng pangunahing gusali ng munisipiyo ng lungsod. Ang mga araw na ito ng linggo ay ang ika-14 at 21 ng Marso. Ganundin ang ang mga araw ng ika-4, 11 at 18 ng Abril. Ang oras ay mula 8:15 ng umaga hanggang 5:15 ng hapon. Ang mga tanggapan na magbubukas ay ang Citizen's Livelihood Section o ang Shimin Seikatsu-Ka, ang Insurance and Medicare Section o Hoken Iryou-Ka, Ang Citizen Taxation Department o Shiminzei-Ka, ang Property Tax Section o Shisanzei-Ka at Tax Collection Department o Shuzei-Ka.

Dapat din na malaman na sa umpisa ng Abril ang iba't ibang pangalan ng departments ay maaring mabago alinsunod sa gagawing pagrerepaso sa kabuoan ng mga departamentos na mga ito. Gayundin sa mga naitalagang departments sa mga ibang sangay ng munisipiyo sa iba't ibang lugar ay ibabalik na rin sa pangunahing gusali ng munisipiyo ng lungsod.

Ang magbubukas sa linggo na Insurance and Medicare Department o Hoken Irtyo-Ka ay magiging National Pension Department o Hoken Iryou-Ka at ang Citizen's Taxation Department Shiminzei-Ka at Property Tax Section ay magiging iisang Tax Division o Zeimu-Ka. Kaya kahit mabago ang mga pangalan ng mga tanggapan na mga ito ay puntahan natin sila sa nasabing mga araw ng linggo.

3. Mga Alituntunin Hinggil sa Pag-aalaga ng Aso.

Ang pagpaparehistro ng mga alagang aso pati na rin ang pagbabakuna sa mga ito laban sa Rabies na pinoproseso rin sa mga ibang sangay ng munisipiyong ay gagawin na lamang sa ikalawang palapag ng pangunahing gusali ng munisipiyong sa tanggapan ng Environment Section o Kankyo-Ka.

Mangyaring tiyakin na makumpleto ang proseso sa pag-aalaga ng aso.

Kukuha ng katibayan o certificate na ang alagang aso ay nabakunahan na laban sa Rabies sa mga pagamutan ng mga hayop o beterinarya. Ang mga nagmamamay-ari ng alagang aso ay kailangang mapabakunahan ang kanilang alaga isang beses isang taon. At kung ang pagbabakuna ay ginawa sa mga pagamutan ng hayop sa lungsod ay pwede ng kunin doon ang sertipiko ng pagbabakuna dahil nag-iisyu na sila ng katibayan na ito.

Kapag nag-aalaga ng aso, dapat na itong irehistro at sundin ang nasabing proseso mula 91 araw ng kapanganakan ng alaga sa mga bayan o lungsod na kung saan nakatira.

Sa proseso na ito ay ibibigay ang isang tag na magsisilbing identification ng alaga na kung saan nakalagay ang itinalagang registration number ng aso. Dahil dito inaasahang pwedeng matunton at maibalik sa nagmamamay-ari ng hayop sakaling ito ay mawala.

Sa lungsod kapag nagpalit ng tirahan o pagmamamay-ari ng hayop, gayundin kung ito ay namatay ay dapat ipaalam sa nasabing tanggapan ng munisipiyong.

Kung sakaling lilipat na ng tirahan kasama ang alagang aso sa labas ng Tochigi City ay kailangan pa rin na gawin ang parehong proseso. Ipakita lamang ang naiisyu na Identification Tag mula sa lungsod sa lilipatan na lugar at bibigyan na muli ng bagong tag para sa alagang aso.

Hinihiling ang pang-unawa ng lahat para dito.

4. Tungkol sa Notipikasyon sa mga Light Motor Vehicles at iba pa.

Ang mga nagmamay-ari ng light motor vehicles, motorsiklo o de-motor na bisikleta ay kailangan magbayad ng kaukulang buwis para sa mga ito sa lungsod o bayan kung saan naninirahan.

Sa mga nagmamay-ari ng mga light motor vehicles mula pa noong umpisa ng Abril ay inaatasang magbayad ng light motor vehicles tax.

Kahit wala na sa iyo ang ang sasakyan dahil ito ay nanakaw, naibigay na sa iba, naitapon na o naglipat na ng tirahan ngunit ito ay hindi pa ipinagbibigay alam ay makakatanggap pa rin ng notipikasyon ukol sa bayaran sa buwis para dito.

Kaya kung may mga pagbabago gaya ng naisaad na mga halimbawa ay dapat ipaalam sa munisipiyo hanggang sa kalagitnaan ng Marso.